REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
Philippine Statistics Authority
TARLAC PROVINCIAL STATISTICAL OFFICE

BAGONG PILIPINAS

# PRESS RELEASE

## National ID Registration, Tampok sa Job Fair ng Bayan ng Victoria

***Date of Release:*** *04 AUGUST 2025*
***Reference No.:*** ***PR-2025-024***

**VICTORIA, TARLAC** – Lumahok ang Philippine Statistics Authority (PSA) – Tarlac, sa pamamagitan ng National Identification (NID) System, sa Job Fair na isinagawa noong Hulyo 30, 2025. Ang aktibidad ay inorganisa ng Municipal Public Employment Service Office (PESO), katuwang ang Pamahalaang Bayan ng Victoria, sa ilalim ng temang *"Tagumpay mo'y abot-kamay, sa alay na hanapbuhay."*

Layunin ng programa na pag-ugnayin ang mga naghahanap ng trabaho at iba't ibang serbisyong makatutulong sa kanilang aplikasyon. Bilang suporta sa mga jobseeker, naghandog ang PSA Tarlac ng on-site registration para sa National ID, pati na rin ng agarang pag-iimprenta at pamamahagi ng ePhilID o ang papel na bersyon ng National ID.



*Jayson De Guzman, Kawani sa Rehistrasyon habang nagsasagawa ng National ID Registration sa Job Fair sa Bayan ng Victoria, Tarlac noong Hulyo 30, 2025.*

Lahat ng mga nakapagparehistro sa nasabing araw ay agad na nakatanggap ng kanilang ePhilID, na maaaring gamitin bilang opisyal na dokumento ng pagkakakilanlan sa pag-hahanap ng trabaho at iba pang mahahalagang transaksyon.

Ang partisipasyong ito ay bahagi ng patuloy na layunin ng PSA na gawing mas accessible at kapaki-pakinabang ang serbisyo ng National ID, lalo na sa mga aktibidad na may kinalaman sa lokal na employment. Nagpapaabot ng pasasalamat ang PSA Tarlac sa Municipal PESO at sa Pamahalaang Bayan ng Victoria sa pagbibigay-daan upang maihatid ang mga serbisyo ng National ID nang mas malapit sa mga mamamayan.

**Inaprubahan para sa paglalathala:**

**Herman J. Vital**
Chief Statistical Specialist
PSO-Tarlac

*/MMG /MVDD*

**#NationalIDPH**

3/F U.S Bldg. Mc Arthur Highway, Sto. Cristo, Tarlac City
Telephone No.: (045) 928-2936 Email Address: tarlac@psa.gov.ph

Scanned with CamScanner